# Learning Activity Sheets
# Baitang 3 FILIPINO

Pangalan:________________________________Petsa: __________________ Iskor:____________________

**Paksa o Tema ng Teksto, Kuwento o Sanaysay**

**Panuto:** Isulat ang letra ng tamang sagot.

**Tatak Pinoy**

Maraming mga bagay na gawang Pilipino ang puwede nating ipagmalaki. Hindi lamang dito sa atin kundi maging sa ibang bansa. Bukod sa may magagandang disenyo, hindi rin pahuhuli ang tibay ng mga ito. Ang mga produktong ito ay pinagbuting buuin ng bawat Pilipinong manggagawa.

Sa pagkain hindi rin tayo pahuhuli. Masarap ang kapeng barako ng Batangas. Ang matatamis na prutas tulad ng pinya na nagmula sa Bukidnon, ang saging sa Davao, lansones sa Camiguin at mangga mula sa Guimaras.

1. Ano ang paksa ng unang talata?
    A. mga produktong Pinoy
    B. mga hanapbuhay ng Pinoy
    C. mga gawaing Pinoy
    D. mga disenyong Pinoy


**(Pag-aari ng Pamahalaan. Hindi Ipinagbibili)**

2. Ano ang tema ng ikalawang talata?

A. Ang mga lugar
B. Ang mga prutas
C. Ang mga tao
D. Ang mga tanawin

3. Ano ang pamagat ng teksto ?

A. Pangalang Pinoy
B. Gawaing Pinoy
C. Tatak Pinoy
D. Lahing Pinoy

4. Ano ang ipinapahiwatig ng teksto?

A. talento at likas na yaman ng bansa
B. pag-unlad ng bansa
C. kagandahan ng bansa
D. likhang gawa ng bansa

5. Paano matutukoy ang tema ng isang teksto?

A. babasahin ang talata
B. babasahin at uunawain ang talata
C. isusulat ang talata
D. aalamin ang talata



**(Pag-aari ng Pamahalaan. Hindi Ipinagbibili)**

Name: ________________________________________ Date: _______________ Rating Score: _____________

**Paksa o Tema ng Teksto, Kuwento o Sanaysay**

**Panuto:** Isulat ang letra ng tamang sagot.

**Bakuna sa COVID19**

Inaasahang pagpasok ng taong 2021 ay makabibili ng bakuna laban sa *virus* ang ating pamahalaan. Ang unang bibigyan ng bakuna ayon sa ating pamahalaan ay mga *frontliners* na nangangalaga sa kapakanang pangkaligtasan at pangkalusugan, tulad ng mga pulis at doktor gayundin ang mga matatanda sa ating lipunan.

Ayon sa ating Kalihim Pangkalusugan, sa kalagitnaan ng taon ay maaari ng magsimula sa pagbabakuna kaya naman ang mga lokal na pamahalaan ay kasalukuyang pinaghahandaan ang gaganaping pagbabakuna.

1. Ano ang tema ng unang talata?

A. pagbili ng bakuna B. pagbabakuna C. pakikipagusap D. pagpupulong

2. Ano ang tema ng ikalawang talata?

A. pagbabakuna B. pagpupulong C. paghahanda D. pagbili

3. Tungkol saan ang teksto?

A. SARSCOV B. Corona Virus C. COVID19 D. Bakuna sa COVID19

4. Ano ang ipinapahiwatig ng teksto?

A. kaganapan sa Virus B pagbili ng bakuna C. paghahannda D. pagkakaroon ng bakuna

5. Ano ang kahalagahan ng paksa?

A. upang maunawaan ang teksto C. upang mabasa ang teksto

B. upang maisulat ang teksto D. upang masabi ang teksto


**(Pag-aari ng Pamahalaan. Hindi Ipinagbibili)**